DEPARTMENT OF EDUCATION
Region IV-A CALABARZON
Division of Rizal
DISTRICT OF RODRIGUEZ II-B
PURAY ELEMENTARY SCHOOL
Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal

# BANGHAY-ARALIN SA ARALING PANLIPUNAN 2
## (IPED Lesson Plan)
## Dumagat Remuntado ng Rizal

## Unang Markahan
*Linggo 1 – Ikalawang Araw*

**Aralin 1.1: Ang komunidad**

I. **Layunin**

a. Natutukoy ang mga kinaroroonan ng pangkatutubong komunidad na kinabibilangan.
b. Naihahambing ang bawat komunidad na kinabibilangan.

II. **Paksang-Aralin**

Komunidad:
Komunidad ng Katutubong Dumagat Remuntato

**Sanggunian:** Grade 2 CG **AP2KOM-Ia-1**, Yugto ng Buhay, IKSP, Elders, IPED Framework

**Kagamitan:** Larawan ng iba't ibang komunidad, DLP, ppt
**Integrasyon**: Filipino, MTB-MLE, ESP

**Pagpapahalaga**: Pagpapahalaga sa komunidad na kinabibilangan.

III. **Pamamaraan:**

A. **Panimulang Gawain**

1. Pagtukoy sa mga pumasok
   Nandito – weyo ok
   Wala dito – eyen

2. Pagbabalik-Aral:
   Buuin ang salitang komunidad at ibigay ang kahulugan.

**MONDDAIKU**

*Isinulat ni: Mayline M. Atienza*
*Puray Elementary School, Puray, Rodriguez, Rizal*

3. Pagganyak na tanong:
    Ano ang ginagawa ni Mako sa kanyang komunidad?



**B. Paglalahad:**

a. Pagpapakita ng larawan ng komunidad gamit ang powerpoint presentation.
    Komunidad sa tabing ilog/dagat
    Komunidad sa kapatagan
    Komunidad sa kabundukan
    Komunidad sa talampas
    Komunidad sa lungsod
    Komunidad sa industrial

b. Itanong:
    Saan makikita/matagpuan ang komunidad?

c. Isulat sa pisara ang mga kasagutan ng bawat mag-aaral at pag-usapan ito.

*Isinulat ni:* ***Mayline M. Atienza***
*Puray Elementary School, Puray, Rodriguez, Rizal*

**C. Panlinang na Gawain:**

1. Gawain A:

Ipaskil at ipasuri ang komunidad sa tabing ilog/dagat.
Itanong:

a. Ano-ano ang nakikita niyo sa komunidad na nasa tabing ilog?
b. Ano ang mga nakikita niyo sa ating paligid na hindi niyo nakita sa larawan?
c. Ano ang ginagawa o hanapbuhay ng mga tao dito?
d. Bakit pangingisda ang pinagkakaabalahan ng mga tao?

2. Gawain B.

Pag-aralan ang komunidad sa lungsod gamit ang larawan sa powerpoint presentation at Ipasagot ang mga sumusunod na tanong:

a. Ano-ano ang mga nakikita niyo sa komunidad sa lungsod?
b. Ano-ano ang mga trabaho ng mga tao sa lungsod?

**D. Pangkatang Gawain:**

Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kaalaman at komunidad na kinabibilangan.

**Pangkat 1. Dayorama**

Buuin ang komunidad na nasa kabundukan. Gamitin ang mga bagay na nasa kahon upang mabuo ang dayorama. Ipaliwanag sa harapan ang mga bumubuo sa komunidad na nasa kabundukan.

**Pangkat 2. Iguhit mo.**

Magguhit ng isang pangkatutubong komunidad na matatagpuan sa kapatagan. Ipaskil at isalaysay mga bumubuo at hanapbuhay sa komunidad.

**Pangkat 3.Ipakita mo.**

Magkaroon ng pakontest sa pagpapakilala ng produkto mula sa komunidad na kinabibilangan. Gabayan ang mga mag-aaral sap ag-organisa ng pakontest.

Mga Gabay na tanong:

1. Anong komunidad ang kinabibilangan ng Pangkat 1?
2. Ano-ano ang mga nakikita niyo sa kanilang komunidad?
3. Ano ang ikinabubuhay ng mga tao sa komunidad?

*Isinulat ni: **Mayline M. Atienza***
*Puray Elementary School, Puray, Rodriguez, Rizal*

4. Saan matatagpuan ang komunidad ng pangkat 2? Bakit?
5. Ano ang mga ginagawa ng mga tao dito? Bakit?
6. Bakit iba-iba ang mga produkto na naipakita ng bawat isa sa pakontest sa pangkat 3?

**E. Paglalahat:**

Saan maaaring matagpuan ang komunidad?
Bakit iba-iba ang hanapbuhay ng bawat tao sa komunidad?

**Tandaan Natin:**

**Ang hanapbuhay ng bawat komunidad ay naaayon sa kinaroroonang kapaligiran. Ang kapaligiran o komunidad ang nagpapanatili ng pagiging malusog at patuloy na daloy ng buhay.**

**IV. Pagtataya:**

Hanapin sa Hanay B ang mga bagay na makikita o bumubuo ng bawat komunidad sa hanay A. Isulat sa patlang bago ang numero

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____1. Komunidad sa Lungsod | a.  |
| _____ 2. Komunidad sa tabing ilog | b.  |
| _____ 3. Komunidad sa kabundukan | c. Larawan ng ospital |
| | Larawan ng SM |

*i: Mayline M. Atienza*
*Puray Elementary School, Puray, Rodriguez, Rizal*

_____ 4. Komunidad sa kapatagan d.

_____ 5. Komunidad sa industrial e.



V. Takdang aralin:

Iguhit ang iyong sariling komunidad at kulayan ito.

VI. Karagdagang Gawain:

Alamin ang mga namamahala sa bawat pangkat ng kamunidad. Isulat ang kanilang mga tungkuling ginagampanan sa komunidad.

Isinulat ni: **Mayline M. Atienza**
*Puray Elementary School, Puray, Rodriguez, Rizal*